
# Pagkonekta sa Pamamagitan ng Pagdiskonekta

A Lord's Flock Praise & Worship Topic
Ni: Fr. Glen Galao, MGL
Nobyembre 09, 2024



Para sa mga Kristiyano ang ebanghelisasyon ay isang biyaya at bokasyon. Kailangan nating ipalaganap ang Mabuting Balita – "Si Hesus ang ating Kaligtasan." Gayunpaman, paano natin ipalalaganap ang Ebanghelyo sa mundong nalilito ang pagkakakilanlan? Ang mga kabataan ngayon ay nakikipag-ugnay sa tunay at *virtual* na mundo na parang pumapasok sila mag-isa sa isang hindi pa natutuklasang pandaigdigang kontinente" (Pope Francis, Christus Vivit, n.90). Dapat tulungan natin ang mga kabataang kumonekta sa Diyos sa gitna ng ingay sa kanilang paligid. Kailangan gabayan natin silang manahimik, makinig at magnilay.

**1. Ang estado ba ng relihiyong Pilipino ay talagang maunlad? "Oo, ngunit..."**

**1.1.** Ang Pilipinas ang may pinakamataas na bilang ng mga mamamayang may matibay na paniniwala sa relihiyon, 83% (sa 30 bansang sinuri ng Univ. of Chicago Study, 1991-2008).

**1.2.** Mayroong 0.04% ang walang kinabibilangang relihiyon (P.S.A. 2020).

**2. Ang epekto ng kulturang Kanluran:** ang ating pag-iisip ay lubhang naimpluwensyahan ng kulturang Amerikano. Kaya, ito ay may epektong hindi agad pansin sa pagpraktis ng ating relihiyon.

2.1. Sa USA, 3 sa 10 matatanda ngayon ay walang kina-aanibang relihiyon (28% noong 2023; 16% noong 2007). Kaya naman, maraming kabataan ang lumaking walang nakilalang relihiyon.

2.2. Ang pag-iisip na ito ay dumadaloy sa kanilang panitikan, pelikula, libangan, social media.

**3. Ang Ireland *case study* ay isang babala para sa Pilipinas**. Ireland ay bansang Katoliko 50 taon ang nakalipas. Noong 2022, bumaba ang bilang ng Katoliko sa 69% (79%-2016). Dagdag pa, ang mga walang relihiyon ay tumaas sa 14% noong 2022 (10% - 2016). Ngayon, 30% na lang ang dumadalo sa lingguhang misa (90% - 1960s, EWTN News in Depth, 2021). Katoliko sila sa pangalan lamang. Ito ay mahalagang babala sa atin. Kung ipagwawalang bahala natin ito, matutulad din ang Pilipinas.

**4. May mga yugto sa kasaysayan na naging sanhi ng paghina ng pagiging relihiyoso:**

4.1. **Pre-modern**: naniniwala ang mga tao na Diyos ang pinakamataas na huwaran, ang sentro, ang katotohanan at ang daan.

4.2. **Moderno:** nagsimulang magtanong ang mga tao kung Diyos nga ba ang huwaran. Ang kaisipan ng tao at agham ang naging sentro ng relihiyon.

4.3. **Post modern:** nag-react ang mga tao sa mga payak na paliwanag. Sinabi nila na ang pre-modern (Diyos) at modern (Science) ay parehong huwad. Lumitaw ang malayang pag-iisip na nagresulta sa mentalidad na 'Ako/akin.' Samakatuwid, maraming bersyon ang "katotohanan." Ito ay maling katwiran; ang layunin ay hindi dapat pansariling kabutihan.

4.3.1 Protektado ang ***"buffered self."*** Naniniwala sila: "Gawa ko ang aking buhay. Ako ang panginoon ng aking kaluluwa; Hindi ako naniniwala na may kabilang buhay."

4.3.2. Nakuha ng mga Pilipino ang bagong henerasyong kaisipan sa pamamagitan ng panunuod ng *netflix at entertainment*.

4.3.3. Bilang mga guro ng ebanghelyo, kailangan natin maintindihan ang wika ng mga kabataan.

**4.4. Meta-moderno**: Umuusbong ito na kalakaran sa henerasyon ng mga apo; hindi pa ito tiyak.

5**. Ang "buffered self" ay ginagamit ng kaaway upang patayin ang tinig ng ebanghelyo.**

5.1. Ang *buffered self* ay buhay sa maingay na mundo – napakaingay ngunit hindi nagsasalita.

5.2. Bawat "Juan" ay kailangang humiwalay sa ingay, magkaroon ng oras na manahimik, makinig sa tinig ng Diyos at pagnilayan ito sa puso. Si Inang Maria ang perpektong halimbawa-pinagnilayan niya ang lahat at sumunod sa kalooban ng Diyos.

**KONKLUSYON:** Hindi natin kayang harapin ang hamon ng ebanghelisasyon na mag-isa. Tanging si Hesus lamang ang makagagawa nito. Kailangang humingi tayo ng tulong sa Kanya.

**PAGNINILAY**: Nakikinig ka lang ba sa *virtual* na mundo? Paano ka magkakaroon ng aktibong paninindigan sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa *virtual* na mundo?

**SCRIBES Ministry:**
Isinalin ni: Thess P. Sarmiento.Na-edit ni**:** Nida Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #Kumonekta#Pagninilay